COLORADO
Department of Regulatory Agencies
Colorado Civil Rights Division

Ipinagbabawal sa Batas ng Colorado ang Diskriminasyon sa:

PABAHAY

C.R.S. § 24-34-501 et seq.

MAGIGING ISANG DISKRIMINASYON O HINDI PATAS NA KAUGALIAN SA PABAHAY:

Para sa sinumang tao na TANGGIHANG IPAKITA, IBENTA, ILIPAT, PARENTAHAN, o PAUPAHAN, o TANGGIHAN NA MAKATANGGAP at IPADALA ang anumang lehitimong alok upang bumili, magbenta, magparenta, o magpaupa, o KUNG HINDI MAN AY GAWING HINDI AVAILABLE o TANGGIHAN o BAWIIN MULA sa sinumang tao ang pabahay; o na diskriminahin sa mga TUNTUNIN, KONDISYON, o mga PRIBILEHIYONG may kinalaman sa anumang pabahay.

DAHIL SA:

KAPANSANAN, LAHI, PANINIWALA, KULAY, KASARIAN, SEKSWAL NA ORYENTASYON (kabilang ang KATAYUANG TRANSGENDER), RELIHIYON, KATAYUAN SA PAG-AASAWA, KATAYUANG PAMPAMILYA, BANSANG PINAGMULAN o LIPI, o PINAGKUKUNAN NG KITA*

MAKATWIRANG MGA AKOMODASYON PARA SA MAY MGA KAPANSANAN:

Ang isang taong may kapansanan ay may karapatan sa makatwirang (mga) akomodasyon at/o pagbabago na kinakailangan upang mabigyan ang taong iyon ng buo at pantay na kasiyahan sa pabahay. Hindi makatwiran ang isang akomodasyon kung ang pagkakaloob nito ay magreresulta sa hindi nararapat na pinansyal at administratibong pasanin o isang pangunahing alterasyon sa operasyon ng tagapagbigay ng serbisyo sa pabahay.

MGA KATULONG NA HAYOP:

Ang mga katulong na hayop kabilang ang mga katuwang na hayop at mga hayop na emosyonal na suporta ay isang uri ng makatwirang akomodasyon sa pabahay. Ang taong may kapansanan ay maaaring humiling, bilang isang makatwirang akomodasyon, ng pagtatangi sa pagbabawal ng pag-aalaga ng hayop, o kung hindi man ay sa patakaran ng pagbabawal na manirahan sa kanilang tahanan ang katulong na hayop.

Kinikilala ang mga katuwang na hayop bilang aso o maliit na kabayo na indibidwal na sinanay upang magsagawa ng (mga) tungkulin o gawaing may kaugnayan sa isang kapansanan. Kabilang sa mga halimbawa ang gabay na aso o aso na alerto sa medisina.

Ang mga hayop na emosyonal na suporta ay maaaring anumang uri ng hayop na nagbibigay ng panterapeutikang epekto upang mapaginhawa ang kapansanan sa kaisipan.

IPINAGBABAWAL ANG PAGHIHIGANTI:

Isang diskriminasyong pagkilos ang paghihiganti laban sa isang taong tumututol sa isang diskriminasyong kasanayan o sinumang nakikilahok sa pagsisiyasat sa diskriminasyon, paglilitis o pagdinig.

Batas sa CROWN 2020:

Ang diskriminasyon batay sa lahi ng isang tao kabilang ang tekstura ng buhok, uri ng buhok, o proteksyon sa buhok na karaniwan o makasaysayang iniuugnay sa lahi, tulad ng mga tirintas, locs, twist, mga mahihigpit na tali o kulot, cornrow, Bantu knot, Afro,at balot sa ulo. eff. 9/13/20.

EQUAL HOUSING OPPORTUNITY

ANG CCRD AY ISANG PATAS NA PROGRAMANG KATULONG SA PABAHAY O FAIR HOUSING ASSISTANCE PROGRAM (FHAP) AT KA-PARTNER ANG HUD SA PAGPAPATUPAD NG MGA BATAS SA PATAS NA PABAHAY

UPANG MAGHAIN NG REKLAMO NG DISKRIMINASYON, O PARA SA HIGIT NA IMPORMASYON MAKIPAG-UGNAYAN SA COLORADO CIVIL RIGHTS DIVISION; 1560 BROADWAY, LOBBY WELCOME CENTER, SUITE # 110, DENVER, CO 80202

PANGUNAHING TELEPONO: 303-894-2997; **HOTLINE ESPANYOL:** 720-432-4294; **TOLL-FREE:** 800-262-4845; V/TTD **RELAY:** 711;
FAX: 303-894-7830; **EMAIL:** DORA_CCRD@STATE.CO.US

ANG MGA REKLAMO SA DISKRIMINASYON AY DAPAT IHAIN SA LOOB NG ISANG (1) TAON PAGKATAPOS MAGANAP ANG SINASABING ISINAGAWANG DISKRIMINASYON.

*eff. 1/1/21